

Pilipinas at Thailand, magtutulungan sa mga programa sa S&T

Ni Karl Raven A. Ramon, DOST-STII

Magtutulungan ang Pilipinas at Thailand na palakasin ang kani-kanilang mga programa sa larangan ng Siyensya at Teknolohiya matapos lumagda sa isang kasunduan sina Secretary Fortunato T. de la Peña ng Department of Science and Technology (DOST) ng Pilipinas at si Minister Atchaka Sibunruang ng Ministry of Science and Technology ng Thailand noong Marso 21, 2017 sa Government House sa lungsod ng Bangkok.

Ang kasunduan ay naglalayong mapagiting ang joint cooperation ng dalawang bansa pagdating sa research and development; pagpapalitan ng mga siyentipiko, espesyalista, at mga kumakatawan sa academic, research, industrial at trade organizations; pagbabahagi ng mga teknikal na dokumento at impormasyon; pagsasagawa ng mga kumperensya at symposiya na may paksang makabubuti sa interes ng dalawang bansa; at iba pang mga kooperasyon sa larangan ng siyensya at teknolohiya.

Ayon kay Sec. de la Peña, magkakaroon ng negosasyon upang pag-usapan ang mga programa, sakop at mga tuntunin ng

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Paggawa ng gitara sa bansa, palalakin ng pag-aaral ng DOST p3

Mga istorya sa Siyensya, makatutulong sa pagpapausbong ng ekonomiya ng bansa..... p4

LarawaNews..... p4

STARBOOKS, wagi sa Anvil Awards

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Tinanggap ni DOST-STII Director Richard P. Burgos ang ginto na napanalunan ng STARBOOKS sa katatapos lamang na 52nd Anvil Awards noong Marso 9, 2017 sa Makati Shangri-La Hotel. (Kuha ni **Alfon B. Narquita**, DOST-STII)

Tumanggap ng dalawang parangal ang STARBOOKS ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) sa katatapos lamang na 52nd Anvil Awards noong Marso 9, 2017 sa Makati Shangri-La Hotel.

Ginawaran ang “Kaalaman sa Kahon: The Story of STARBOOKS” ng Gold Anvil para sa kategorya na “Public Relations Program: Directed at Specific Stakeholders, Students, Entrepreneurs, LGUs, Communities, and Indigenous Peoples”, samantalang Silver Anvil naman para sa kategorya na “Public Relations Tool: Multimedia/Digital”.

Ang Anvil Awards ay taunang idinaraos ng Public Relations Society of the Philippines (PRSP) upang parangalan ang mga organisasyon, ahensya sa pamahalaan at

mga kumpanya na may pinakamagandang programa, kampanya at iba pang mga kasangkapan pagdating sa public relations.

Ang STARBOOKS o Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosks, ay ang kauna-unahang “digital science library” sa bansa, na naglalaman ng local at foreign S&T resource material mula text, video, at audio format, journal, technology material, hanggang sa mga livelihood video. Dinebelop ito ng mga eksperto mula sa DOST-STII.

Ito ay mayroon ding malawak na topic sa food, nutrition, health, medicine, energy, environment, Climate Change, livelihood project, at marami pang iba. Bukod pa rito, ang STARBOOKS ay hindi nangangailangan ng Internet connection na angkop sa mga probinsiya na mahina ang signal ng Internet.

sundan sa pahina 2

**STARBOOKS wagi...
Mula sa pahina 1**

Sa kasalukuyan, mayroong 1,358 na sites ang STARBOOKS sa buong bansa na kadalasan ay matatagpuan sa mga unibersidad, pampublikong silid-aklatan, at sa mga opisina ng Department of Education sa mga probinsya.

Taos puso naman ang pasasalamat ni DOST-STII Director Richard P. Burgos sa Public Relations Society of the Philippines sa parangal na iginawad sa STARBOOKS at ayon sa kanya, ibinabahagi ng DOST-STII ang tagumpay na nakamit ng STARBOOKS sa mga deployment officers sa iba't ibang rehiyon sa bansa, mga kawani ng DOST sa mga probinsya, at iba pang organisasyon na nakakatuwang ng DOST-STII sa pagpapaunlad ng STARBOOKS.

Samantala, nakasama rin ang STARBOOKS sa tatlong kalahok na pinagpilian para sa sa Grand Anvil, ang pinakamataas na kategorya na inasam ng 402 na lumahok na nagmumula sa mga larangan ng media at mga kumpanya ng Telecommunications, at mga produktong pangkomersyal.



Ang dalawang tropeyo na natanggap ng STARBOOKS sa katatapos lamang na 52nd Anvil Awards noong Marso 09, 2017 sa Makati Shangri-La Hotel. **(Kuha ni Henry A. De Leon, DOST-STII)**

Bukod sa Anvil Awards, kabi-kabilang parangal na rin ang tinanggap ng STARBOOKS sa loob at labas ng bansa. Kabilang na rito ang iginawad na Presidential Citation for Innovative International Library Projects ng American Library Association noong Hunyo

29, 2015 sa San Francisco, California, USA at sa taong din iyon, hinirang ng Philippine Association of Academic/Research Librarians Inc ang STARBOOKS na Outstanding Library Program of the Year. (Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, DOST-STII)

**Pilipinas at Thailand...
Mula sa pahina 1**



Lumagda sa isang kasunduan sina Secretary Fortunato T. de la Peña ng Department of Science and Technology (DOST) ng Pilipinas at si Minister Atchaka Sibunruang ng Ministry of Science and Technology ng Thailand noong Marso 21, 2017 sa Government House sa lungsod ng Bangkok upang palakasin ang mga programa sa larangan ng Siyensya at Teknolohiya. Samantala, naging saksi naman ang Prime Minister ng Thailand na si General Prayut Chan-o-cha at si Pangulong Rodrigo R. Duterte ng Pilipinas sa nasabing kasunduan. (Kuha mula sa Newsbytes.ph)

newsbytes.ph

nasabing kooperasyon sa lalong madaling panahon.

Magsisimula ang limang-taong programa ngayong Marso 2017 hanggang Marso 2023 sa pagtutulungan ng iba't ibang organisasyon,

mga ahensya, mga unibersidad, at mga pribadong sektor ng dalawang bansa.

Saksi naman ang Prime Minister ng Thailand na si General Prayut Chan-o-cha at si Pangulong Rodrigo R. Duterte ng Pilipinas sa nasabing

kasunduan. Ang pagbisita ni Pangulong Duterte sa Thailand ay bahagi ng kanyang pagbisita sa lahat ng miyembro ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN). **(Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, DOST-STII)**

Paggawa ng gitara sa bansa, palalakasin ng pag-aaral ng DOST

Ni Karl Raven A. Ramon at Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*

Isang pag-aaral ang isinagawa ng Department of Science and Technology (DOST) at ng College of Music at Engineering ng Unibersidad ng Pilipinas upang matulungang makabuo ng dekalidad na entry level na gitara ang mga Pilipino.

Pinondohan ng Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) ng DOST, tinawag na Gitara ni Juan ang nasabing pag-aaral na kung saan layunin nito na bumuo ng isang standard na disensyo na gitara na maaaring gawing gabay ng mga Pilipino na luthiers sa paggawa ng mura subalit mataas na kalidad na gitara. Nais ding matukoy sa isinagawang pag-aaral kung angkop ba ang mga punong-kahoy na matatagpuan sa Pilipinas sa paggawa ng dekalibreng gitara.

Ayon kay Nathan Manimtim, isang propesor sa UP College of Music at tumatayong project leader ng Gitara ni Juan, karamihan ng mga concert level na gitara na ginagamit ng mga propesyunal na musikero ay imported na mabibili sa mataas na presyo. Samantala, ang mga entry level na gitara naman ay ang mga inirerekomenda sa mga mga-aaral at nagsisimula palang matuto na tumugtog ng gitara. Ito ang karaniwang ginagawa ng mga lokal na gumagawa ng gitara sa bansa. Subalit napipilitan ang mga nagtuturo na irekomenda sa kanilang mga estudyante ang mga imported na gitara dahil sa kadalasang hindi maganda ang tunog at disensyo ng mga entry level na gitara na ginagawa ng ilan sa mga Pilipino.

“Bilang isang Pinoy na musikero at nagtuturo sa mga batang nangangarap na maging magaling na musikero, napakasarap sa pakiramdam na balang araw na hindi ka na magdadalawang isip na irekomenda sa iyong mga estudyante ang isang entry level na gitara na mura at higit sa lahat may pusong pinoy, at gawa pa sa mga lokal na materyales”, paglalahad ni Manimtim.

Kaya naman sa loob ng labing walong buwan, binuo ang prototype na disenyo ng Gitara ni Juan sa pagtutulungan ng mga eksperto mula UP College of Music at engineering at isa pang ahensya ng DOST na Forest Products Research and Development Institute (FPRDI).

Ang DOST-FPRDI ang nagbigay sa kanila ng tulong pagdating sa mga materyales na gagamitin, partikular sa mga uri ng punong kahoy na maaaring gamitin para sa dinedebelop na Gitara ni Juan.



Ang mga miyembro na bumubuo sa proyektong “Gitara ni Juan”. (Mula sa kaliwa) Eva Cadiz, Mylene Untalan, Bernice Go Engr. Adel Sta. Maria, Prof. Nathan Neil V. Manimtim, Engr. Ivan Reyes, Engr. Crison Lucas, William Alama, at Virgilio Liboon **(Kuha ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)**



Larawan mula sa DOST-PCIEERD

“Nabasa nila sa literature na may mga pag-aaral na isinagawa ang FPRDI na kung saan tinukoy namin ang mga kahoy na maaari sa mga stringed musical instruments, kaya lumapit sa amin ang grupo nina Mr. Manimtim para humingi ng tulong”, sabi ni Forester Robert P. Natividad, supervising science research specialist sa DOST-FPRDI.

Ayon kay Manimtim, sa classical na gitara, ang ibabaw na mukha ng gitara, kailangan ang kahoy ay malambot, samantalang ang sa likod at sa gilid naman ay kinakailangan na matigas na uri ng kahoy. Hindi maaaring pagbaligtarin dahil magkakaroon ito ng epekto sa tunog ng gitara.

“Iyong neck, kinakailangan din na matibay na matibay yan, kaya hard wood o

matigas na kahoy ang kailangang gamitin para sa parte na ito, kasi kung hindi, kung malambot yan, maaaring bumitaw iyan sa kanyang katawan kapag tinutugtog mo siya dahil hihilahin siya ng pwersa ng kwerdas o strings”, pagdadag ni Manimtim. Ibinahagi naman ni For. Natividad na sa pamamagitan ng pagdedebelop ng Gitara ni Juan, nadiskubre nila na pasado pala sa paggawa ng classical na gitara ang mga uri ng punong kahoy kagaya ng melania at malapapaya.

Samantala, isa naman sa mga nakasubok na tugtugin ang nabuong prototype na disenyo ng Gitara ni Juan ay nagbahagi ng kanyang pagkatuwa sa nabuong gitara.

“Noong una kong sinubukan dito, sabi ko, “heto ang dapat na sukat. Ang ganda. Ang sarap sa kamay.” “Heto yung dapat na sukat para sa kamay ko, para sa height ko, para sa height ng Pilipino.” Yun, tapos yung tunog, very promising iyong tunog na considering na nasa simula pa lang ng phase ng project, na local wood yung ginamit”, ayon kay Ferdie Medina, founder ng Sparrow Music Learning Centre na nakabase sa Payatas sa lungsod ng Quezon.

Ayon naman kay Engr. Ermie M. Bacarra, tumatayong hepe ng Human Resources and Institution Development Division ng DOST-PCIEERD, ang pagdedebelop ng Gitara ni Juan ay nagpapatunay lang na mahalaga ang papel ng siyensya sa pagpapaunlad ng iba’t ibang larangan sa maging musika.

Mga istorya sa Siyensya, makatutulong sa pagpapausbong ng ekonomiya ng bansa

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*

Ang pagsusulat ng istorya hinggil sa mga isinasagawang pagsasaliksik at pagdedebelop ng mga makabuluhang produkto ng ating mga siyentista at inhinyero ay malaking kontribusyon sa pagpapaulad ng isang komunidad o bansa.

Ito ang magkaparehas na mensaheng ibinahagi ng dalawa sa kinikilalang “science journalists” sa bansa sa ginanap na Science Journalism Writeshop na inorganisa ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) noong Marso 3, 2017 sa Urdaneta City University (UCU) sa probinsya ng Pangasinan.

Tinawag na #Sciencejournoako@UCU, layunin ng nasabing pagsasanay na ipaliwanag sa mga estudyante ng UCU na kumukuha ng kursong Mass Communication ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga “science journalists” sa bansa, partikular sa pagbabahagi ng impormasyon sa siyensya at teknolohiya, na siya namang nakatutulong upang solusyunan ang ilan sa mga suliranin ng bawat Pilipino. Ang nasabing writeshop din ay nagnanais na hasain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng istorya tungkol sa siyensya at teknolohiya.

Tumagap mga resource speakers sina Ruby Shaira Panela, manunulat sa Asian Scientist.com at Timothy James M. Dimacali, SciTech editor sa GMA News Online.

Ayon kay Panela, ang mga istorya sa Siyensya na nalalathala ay tumatayong tulay upang maiparating ng maayos ng mga

(Mula sa kaliwa) Sina Framelia V. Anonas, editor-in-chief ng S & T Post ng DOST-STII, Ruby Shaira Panela ng Asian Scientist.com, at Timothy James M. Dimacali ng GMA News Online ang mga nagsilbing resource speakers sa ginanap na science journalism writeshop **(Kuha ni Henry A. De Leon, DOST-STII)**

siyentista ang kanilang pag-aaral sa mga ordinaryong Pilipino na lubos na makikinabang mula rito.

“Kung ang isang magsasaka ay namomproblema dahil sa kakaunti ang kanyang inaangin palay”. Ikaw, bilang manunulat, ibinahagi mo na mayroon ng mga pagsasaliksik o produkto na dinebelop ang ating mga eksperto sa agham at teknolohiya na magpapadami sa kanilang mga inaani at ipaliwanag mo ito kung paano ito makakatulong sa kanila, sa ganitong pamamaraan natulungan mo sila kung paano nila mapapaulad ang kanilang kabuhayan”, sabi ni Panela.

Dagdag pa ni Panela, ang pagsusulat ng istorya sa siyensya ay nagsisilbing daan din upang mapangalagaan ang ating kapaligiran at mga likas na yaman.

Sinegunduhan naman ni Timothy James M. Dimacali, SciTech editor sa GMA News Online, ang mga pahayag ni Panela. Para sa kanya, nagiging makabuluhan ang isang pag-aaral ng mga siyentista kung direktang napapakinabangan ito ng mga tao.

“Ang isang engineer o scientist ay nagdedebelop ng mga produkto na magbibigay solusyon sa limitasyon ng isang lugar kunwari sa larangan ng edukasyon. Kung ikaw, nagsulat ka ng istorya tungkol dito at nabasa ito ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan at naunawaan nila ito, sa ganitong paraan naikokonekta mo sila sa mga taong maaaring makatulong sa kanilang problema”, paglalahad ni Dimacali.

Samantala, ang pagbabasa at pagpapayabong ng kaalaman hinggil sa mga napapanahong isyu partikular sa kalusugan, nutrisyon, agrikultura at lagay ng ating kapaligiran at mga likas na yaman ang pinakamabisang sangkap upang mahasa ng isang mag-aaral ang kanyang pagsusulat sa siyensya at teknolohiya, ayon kay Panela.

Pinayuhan naman ni Dimacali ang mga dumalo sa nasabing writeshop na huwag katakutan ang mga termino na nababasa nila sa iba’t ibang mga scientific journals. Ang paggamit ng mga analohiya sa pagsusulat ng istorya ay mabisang paraan upang mas madaling maipaliwanag ang iba’t ibang konspeto ng siyensya sa publiko.

LarawaNEWS



Luntiáng Ginto. Si Department of Science and Technology Secretary Fortunato T. de la Peña ay binigyan ng isang 20-karat gold sample noong Marso 10, 2017 na galing sa P25M DOST-UP proyekto sa field-testing ng Integrated Gold-Copper Mineral Processing Pilot Plant sa Itogon, Benguet. Ang pasilidad ng pagmimina ay hindi gumagamit ng cyanide o mercury upang makakuha ng ginto. Ayon kay Secretary Fortunato de la Peña ang naturang pasilidad ay gumagamit ng “enhanced concentration-floatation-extraction” process na ligtas at nag-iwan lamang ng non-pollutant waste materials. Ang pasilidad ay may taglay na “wastewater treatment system” na dinisenyo upang ma-recycle o magamit muli ang tubig na ginagamit sa pagproseso ng mineral ores, na pinangunahan ng DOST- Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) sa pamumuno ni Executive Director Dr. Carlos Primo C. David. Sa naturang okasyon ay ibinahagi ang pagmimina sa Benguet Federation of Small Scale Miners kung saan makikinabang ang 20, 000 miyembro nito. Source: PIA-CAR and Manila Bulletin **(Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII)**